**DepEd ADVISORY No. 100, s. 2012**
**In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009**
**this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel**
**(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)**
**February 22, 2012**

## PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "*BALAGTAS*" BALTAZAR 2012

Ang pagdiriwang ng Araw ni Franciscto "Balagtas" Baltazar na ginaganap tuwing ikalawang araw ng Abril taon-taon ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Bilang 964.

Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

1. maipatupad ang iniaatas ng Proklamasyon Bilang 964;
2. maisagawa ang Timpalak sa Pagsulat ng Tula; at
3. maitaas ang kamalayan ng mga mag-aaral na pahalagahan ang paggamit ng wikang Filipino sa pagsulong ng edukasyong pangwika at pangkalikasan.

Bilang bahagi ng pagdiriwang na ito, ang KWF ay magtataguyod ng **Timpalak sa Pagsulat ng Tula**, sa ika-75 Anibersaryo nito. Ang paksang-diwa sa taong ito ay "*Si Balagtas sa Edukasyong Pangwika at Pangkalikasan.*"

Bukas sa lahat ng mga mag-aaral ang paglahok sa timpalak na ito.

Para sa mga detalye, maaaring makipag-ugnayan sa:

**Sangay ng Impormasyon at Publikasyon**
Komisyon sa Wikang Filipino
2/F Watson Bldg. 1610 JP Laurel
Malacañan Palace Complex
San Miguel, 1005, Maynila
Telepono Blg.: (02) 736-25-19

ADA/DA-pagdiriwang ng araw ni balagtas
946 February 20, 2012